# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
## Sta. Cruz, Laguna

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG OKTUBRE 18, 2021, LUNES, IKA-9:35 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Louie C. De Leon | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Efren L. Diaz | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Patrocinia S. Kalaw | ..... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Regine S. Regalado | ..... | Kagawad/ SK Federation President |

RECORDED 2 NOV 2021

**KAPASIYAHAN BLG. 439-T2021**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 139-T2021 / KAUTUSANG PAGLALAAN BLG. 135-T2021 NG BARANGAY PAGSAWITAN, SANTA CRUZ, LAGUNA PARA SA SALARY ADJUSTMENT NA HALAGANG P500.00 PARA SA ADMINISTRATIVE ASSISTANT, REVENUE COLLECTOR, BWCPDO, CLERK I AT CLERK II; HALAGANG P1,000.00 PARA SA BAWAT ISANG BARANGAY NUTRITION SCHOLAR, AT BARANGAY HEALTH WORKERS; HALAGANG P500.00 SA BAWAT ISANG BARANGAY TANOD AT HALAGANG P300.00 PARA SA UTILITY WORKERS NG BARANGAY PARA SA TAONG 2022.**

**SAPAGKAT,** may kahilingan ang Sangguniang Barangay ng Pagsawitan sa sangguniang ito na pinagtibay sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 139-T2021 / Kautusang Paglalaan Blg. 135-T2021 para sa Salary Adjustment ng mga katulungin ng Sangguniang Barangay para sa taong 2022;

**SAPAGKAT,** ang nasabing kahilingan ay iniliwat sa mga Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan at Lupon sa Barangay Affairs para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKAT,** matapos ang pag-aaral ng lupon ay inirekomendang pagtibayin na ito nang naaayon sa Local Budget Circular ng Department of Budget and Management entitled – Position Classification and Compensation of Barangay Officials and Personnel.

**SAPAGKAT,** may pasubaling anumang gagawing paglalabas ng gugulin ay pananagutan ng Sangguniang Barangay;

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ni Kagalang-galang Louie C. De Leon (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan), na pinangalawahan nina Kgg. Mark Anthony P. Joven, Kgg. Lea A. Almarvez, Kgg. Patrocinia S. Kalaw, Kgg. Efren L. Diaz, Kgg. Ramon D. Tan at Kgg. Ambiel John C. Panganiban at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 139-T2021 / Kautusang Paglalaan Blg. 135-T2021 ng Barangay Pagsawitan, Santa Cruz, Laguna para sa Salary Adjustment na halagang P500.00 para sa Administrative Assistant, Revenue Collector, BWCPDO, Clerk I at Clerk II; halagang P1,000.00 para sa bawat isang Barangay Nutrition Scholar at Barangay Health Workers; halagang P500.00 sa bawat isang Barangay Tanod at halagang P300.00 para sa Utility Workers ng Barangay para sa taong 2022.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Kagawaran ng Interyor at Pamahalaang Lokal at Sangguniang Barangay ng Pagsawitan, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran.

**PINAGTITIBAY. Oktubre 18, 2021**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA TERESA ROBLES-LABOG**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO: **KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY: **KGG. EDGAR S. SAN LUIS** 11-16-21
Punong Bayan